Republic of the Philippines
Department of Education
Region-X-Northern Mindanao
Don A. Velez St. Cagayan de Oro City

**June 3, 2015**

Division Memorandum
No. 154 S, 2015

**PARA SA:** **PANSANGAY NA TAGAMASID NG FILIPINO**
**TAGAMASID PANDISTRITO SA MGA PAARALAN**
**MGA PUNONGGURO**
**MGA GURO NG ASIGNATURANG FILIPINO sa mga Pampubliko at Pribadong Paaralan**

**BUHAT KAY:** **CHERRY MAE L. LIMBACO, PH.D., CESO V**
**Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Sangay ng Misamis Oriental**
**Lungsod ng Cagayan de Oro**

**PAKSA:** **ULIRANG GURO SA FILIPINO 2015 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)**

---

Kalakip ay ang Liham Paanyaya mula sa Komisyon ng Wikang Filipino batay sa Memoradum Pangkagawaran Blg. 53, s. 2015 na alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran blg. 64, s. 2014 na nagsasaad hinggil sa muling pagsasagawa ng Timpalak para sa gawad ng **Ulirang Guro sa Filipino 2015.**

Para sa iba pang detalye ay impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Bb. Maria Christina Pangan** sa telepono: **(02) 736-2519** o mag-email sa Komisyon sa Wikang Filipino, 2/F Watson Building, 1610 JP Rizal Street, San Miguel, Maynila. **komfil.gov@gmail.com**

Inaanyayahan ang mga Tagamasid Pandistrito at mga Punongguro ng mga paaraalan na magsusog at magmungkahi ng mga natatangi at karapat-dapat na gurong ipasasali sa nabanggit na patimpalak. Mangyariy makipag-ugnayan din kay Sally S. Aguilar, Ph.D., EPS-Fil. sa tanggapan ng CID, Sangay ng Misamis Oriental.

Inaasahang maipaaabot nang daglian at malawakan ang Memorandum Pangkagawaran na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

CLL/ssa

Republic of the Philippines
# Department of Education

01 JUN 2015

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **53** , s. 2015

**ULIRANG GURO SA FILIPINO 2015 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)**

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay muling magsasagawa ng timpalak para sa gawad na **Ulirang Guro sa Filipino 2015**.

2. Ang layunin ng timpalak ay mabigyan ng karampatang pagkilala ang mga guro na masidhi ang dedikasyong maipalaganap ang kaalaman gamit ang wikang Filipino.

3. Ang timpalak ay bukas sa mga guro sa Filipino. Maaaring magpasa ang paaralan ng higit pa sa isang nominasyon.

4. Kalakip nito ang mga tuntunin sa pagpili ng Ulirang Guro sa Filipino 2015.

5. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Bb. Maria Christina Pangan** sa telepono: (02) 736-2519 o mag-email sa pangan.christina@gmail.com o sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)**, Komisyon sa Wikang Filipino, 2/F Watson Building, 1610 JP Rizal Street, San Miguel, Maynila o mag-email sa komfil.gov@gmail.com.

6. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 64, s. 2014

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
Learning Area, FILIPINO
SEARCH
TEACHERS

Alma/ DM Ulirang Guro sa Filipino 2015
0284-May 19, 2015

Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg.: 53, s. 2015

**Tuntunin sa Pagpili ng *Ulirang Guro sa Filipino* 2015**

1. Bukas ang timpalak sa mga guro sa Filipino, maliban sa mga kawani ng KWF at mga director ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri.
2. Ang mga nominado ay kinakailangan magtaglay ng mga sumusunod na katangian:
    a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET, atbpa.), full-time at permanenteng *status;*
    b. Nakapaglingkod nang tatlo o higit pang taon bilang guro sa Filipino o mga kaugnay na disiplina na ang gamit ay Filipino bilang wikang panturo sa anumang antal ng edukasyon at may antas ng kahusayan (*performance rating*) na hindi bababa sa *Very Satisfactory* sa buong panahon ng paglilingkod;
    c. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap ng wikang Filipino sa rehiyon sa pamamagitan ng pananaliksik, publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na aktibidad;
    d. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamanang pangwika sa pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino;
    e. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay ng kanyang propesyon (opsiyonal); at
    f. Rekomendasyon mula sa *immediate superior* ng kaniyang paaralan na nagpapatunay ng kagalingan bilang guro sa Filipino na may makabansa at makataong kamalayan.
3. Maaaring magpasa ang paaralan ng higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominasyon ay kailangang mailakip sa isang long brown envelope na maglalaman ng sumusunod:
    a. pormularyo para sa nominasyon;
    b. rekomendasyon ng *immediate superior* ng paaralan; at
    c. folio ng mga katibayan ng pagkilala, gawad, publikasyon, at mga naiwagawang seminar, palihan, at mga proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.
4. Maaaring ipadala sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa bawat rehiyon ang mga nominasyon. Ang huling araw ng pagpapadala ay sa Hulyo 3, 2015 (5:00 n.h.). Hindi na maiuurong ang mga SWK nang hindi lalampas sa petsang nabanggit.
5. Makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala ang mapipiling *Ulirang Guro sa Filipino.*
6. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik ng KWF.
7. Para sa karagdagang detalye, maaaring tumawag sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa telepono: (02) 736-2519 o mag-email sa komfil.gov@gmail.com.